| PhilHealth Your Partner in Health | TAMANG SAGOT (TS)<br>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular | |
|---|---|---|
| | **Circular No.** | **2023-0015** |
| | **Title** | **Implementing Guidelines on the PhilHealth Framework and Methodology for Costing of Health Services (Revision 1)** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| **1. Ano ang dahilan bakit binuo ang PhilHealth Circular No. 2023-0015?** | Binuo ang Circular na ito upang maipatupad ang pagwawasto sa ilang probisyon na nakasaad sa PC No. 2022-0008.<br><br>Patuloy na binibigyang-tuon ng PhilHealth na ang mga probisyon sa tamang pagco-costing o pagpe-presyo ay mahalaga para sa pagbuo ng mga kaukulang benepisyo para sa mga miyembro nito. Kasama sa pagbabalangkas na ito ang pagkuha ng tamang datos. Para magawa ito, bumuo ang PhilHealth ng pamantayan at costing framework upang maging gabay sa pagbuo ng mga nararapat na benepisyo. |
| **2. Ano ang layunin ng Circular na ito?** | Layunin ng Circular na ito na magbigay gabay sa tamang pamamaraan ng pagsumite, pagpoproseso, at pag aanalisa ng mga datos na ibinabahagi ng mga health care providers para magamit na reference ng PhilHealth sa mga reporma sa pagbabayad sa mga health care providers (health facilities and healthcare professionals). |
| **3. Anong mga probisyon sa polisiya ang may kaukulang pagwawasto** | 1. Bagong bersyon ng Costing Manual (as of January 5, 2023)<br>2. Bagong bersyon ng Costing Manual Data Collection Guide (as of January 5, 2023)<br>3. Sampung (10) costing tools na lamang ang gagamitin ng health facilities para sa costing activities |